

ANG BUWIS SA ARI-ARIAN AY NAKATAKDANG BAYARAN SA SETYEMBRE 30, 2020



Noong Abril 28, 2020, inaprubahan ng Vancouver City Council ang pagpapaliban ng huling araw ng pagbayad ng buwis para sa lahat ng klase ng ari-arian sa Setyembre 30, 2020 (sa halip na Hulyo 3).

Ang pagpapaliban sa pinal na pagbayad ay para matulungan ang mga naghihirap sa pinansiya gawa ng pandemyang COVID-19. Subali't maari pa ring magbayad ng buwis sa kahit na anong oras kapag nakatanggap ng abiso.



ANG PINAKAHULING ARAW SA PAG-SUMITE NG APLIKASYON SA GRANT PARA SA MGA MAY-ARI NG KANILANG MGA TIRAHAN (HOME OWNER GRANT) AY SETYEMBRE 30

Mag-aplay sa online para sa 2020 grant para sa mga may-ari ng kanilang tirahan (home owner grant) sa vancouver.ca/hog



ANG PAGPAPALIBAN NG PAGBAYAD NG BUWIS SA ARI-ARIAN AY NASA ONLINE LAMANG SA LALAWIGAN NG BC

Dahil sa pagbabago na pinatupad ng Lalawigan ng British Columbia, ang mga may-ari ng ari-ariang residensyal sa Vancouver ay kailangang isumite ang kanilang aplikasyon para sa pagpapaliban ng pagbayad o pag-renew, direktso sa Lalawigan, sa pamamagitan ng website.

Hindi na tatanggapin ng Lungsod ang mga aplikasyon sa pagpapaliban. Ang mga aplikasyon sa papel ay hindi na rin tatanggapin sa City Hall. Kontakin ng direktso ang Lalawigan.

Bigyang pansin na hindi ninyo maaring ipagpaliban ang buwis sa ari-arian na di nabayaran sa mga nagdaang taon, kasama na rito ang mga multa o interes. Lahat ng mga

tanong hinggil dito ay kailangang ipadala sa Lalawigan, sa online sa gov.bc.ca/propertytaxdeferment, o sa pagtawag sa 1-888-355-2700 o mag-email sa TaxDeferment@gov.bc.ca



ANG PLANO PARA SA INSTALLMENT NA PAUNANG PAGBAYAD NG BUWIS (TIPP)

Ang mga taxpayer na kasalukuyang naka-enroll sa buwanang Plano Para Sa Installment na Paunang Pagbayad ng Buwis (TIPP) ay makakaasa na patuloy pa rin ito maliban sa isang pagbabago. Dahil sa bagong Setyembre 30, 2020 na deadline ng pagbayad ng buwis sa ari-arian, hindi magkakaroon ng 2020 na pagkaltas sa Hulyo 3. Ang pinal na buwanang pagkaltas sa buwis para sa 2020 ay ginawa noong Mayo 1.

Magkakaroon ng regular na buwanang pagkaltas sa Oktubre 1. Kung kailangan, magkakaroon ng pagkaltas sa Setyembre 30 para mapunuan ang anumang balanse para sa 2020.

Maaring humingi na bawasan ang inyong mga buwanang pagkaltas, o ikansela ang inyong partisipasyon sa programang TIPP, magbigay lang ng 30 araw na nakasulat na abiso. Para sa karagdagang impormasyon o para ma-access ang aplikasyon o magpalit ng mga form, bumisita sa vancouver.ca/tipp

MAARING GAWIN ANG INYONG MGA PANG-LUNGSOD NA PINANSYA SA ONLINE



Mag-sign up sa Vancouver.ca/tax para sa mga online na serbisyo sa buwis para hindi ninyo makaligtaan ang deadline at:

- Piliin ang eBilling para matanggap ang susunod na abiso/bayaran sa email
- Isumite ang katayuan ng inyong ari-arian sa taunang Empty Homes Tax
- Kuhanin ang inyong grant bilang may-ari ng bahay (homeowner grant)
- Tignan ang inyong nakaraang bayarin at ang rekord ng pagbayad
- Kuhanin ang kasalukuyang buwis sa ari-arian, ang Empty Homes Tax, at mga balanse ng mga utilities
- Subaybayan ang inyong rekord ng pagkonsumo ng mga utilities

Tandaan na kailangan ninyo ng isang valid na email address para mag-rehistro


ALAMIN ANG TUGON NG LUNGSOD SA COVID-19

Bisitahin ang aming website sa Vancouver.ca/covid-19 para sa pinakahuling impormasyon

MGA MAHALAGANG IMPORMASYON AT MGA PAALALA

SAAN NAPUPUNTA ANG AKING BUWIS SA ARI-ARIAN?

Mga kalahati ng mga buwis sa ari-arian at mga bayarin sa utilities na nakokolekta ay pumupunta para pondohan ang serbisyo sa Lungsod; ang kalahati ay pumupunta sa pagpopondo ng mga serbisyong rehiyonal, mga paaralan at transportason, suplay ng tubig inumin at ang paggamot ng wastewater.



PAALALA PARA SA EMPTY HOMES TAX

- Sa mga may-ari ng residensyal na ari-arian na hindi nagawa ang Deklarasyon ng 2019 Empty Homes Tax sa deadline noong Pebrero 4, 2020, maaring gawin ang late na deklarasyon sa vancouver.ca/eht-declare
- Ang bayarin para sa 2019 Empty Homes Tax (EHT) ay tinakda noong Abril 16, 2020. Ang anumang di nabayaran na buwis pagdating ng Disyembre 31, 2020 ay idadagdag sa inyong 2021 na abiso sa buwis.

Inaprubahan ng City Council ang minsanang extensyon ng deadline sa EHT para sa 2017 at 2018 sa Disyembre 31, 2020. Bisitahin ang vancouver.ca/eht para sa mga detalye.

Para sa mga katanungan tungkol sa Speculation at Vacancy Tax ng Panlalawigang Pamahalaan, pumunta sa gov.bc.ca/spectax o tumawag sa **1-833-554-2323**.



I-UPDATE ANG INYONG TIRAHAN

Nagpalit ba kayo ng tirahan o nagmamay-ari ng mga ari-arian bukod sa inyong pangunahing tirahan? Huwag kalimutan i-update ang inyong tirahan at kontak na impormasyon sa BC Assessment. Bisitahin ang bcassessment.ca/update



INTINDIHIN ANG INYONG ABISO NG BUWIS SA ARI-ARIAN

Para alamin kung paano basahin ang inyong abiso sa buwis sa ari-arian, bumisita sa vancouver.ca/tax-notice



PAGTUGON SA MAHALAGANG PAGTAAS SA PAGTATASA NG LUPA

Ang Vancouver ang tanging munisipyo sa BC na gumagamit ng targeted averaging, na kung saan ang pagtatasa sa lupa (na tinatalaga ng BC Assessment) ay ina-average sa loob ng limang taon para hindi mabigat ang epekto ng pagtaas ng binabayarang buwis.

Ito ay aplikable lamang sa mga kaso ng matinding pagbabago sa halaga sa mga klase ng ari-arian, kasama ang eligible na residensyal (Klase 1), magaanang industriya (Klase 5) at ari-arian sa negosyo (Klase 6).

Bagamat ang averaging ay hindi dumadagdag o nagbabawas sa kita ng Lungsod sa buwis, may epekto ito sa halaga ng binabayarang buwis ng mga indibidwal na may-ari ng mga ari-arian. Kung ang ari-arian ninyo ay eligible, makikita ninyo ang pagbabago na ito sa inyong abiso sa buwis. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa vancouver.ca/averaging

And Lungsod ng Vancouver ay limitado sa magagawang pagtugon sa epekto ng buwis sa mga di nagamit na potensyal sa pag-unlad sa maliit na negosyo, arte at kultura at ang non-profit na sektor.

Ang ilang mga munisipyo sa Metro Vancouver ay nagmungkahi ng "split assessment" o "hating pagtatasa" sa pagbuo ng mga bagong komersyal na sub-klas para sa buwis sa ari-arian. Dahil dito ang Lungsod ay maaring makapagbigay ng mas mababang buwis sa mga di nagamit na potensyal sa pag-unlad.

Patuloy kaming makikipagusap sa Lalawigan na pag-aralan ang opsyong ito. Para sa mga detalye, bisitahin ang vancouver.ca/property-tax



BABAYARAN BA NINYO ANG KARAGDAGANG BUWIS SA PAARALAN?

Ang mga residensyal na pag-aari na may halagang higit sa \$3 milyon ay

maaring patawan ng Karagdagang Buwis Sa Paaralan. Ito ay 0.2% sa natasang bahagi sa pagitan ng \$3-\$4 milyon at 0.4% sa bahagi na natasa sa higit na \$4 milyon.

Bilang sagot sa panggigipit sa pananalapi ng mga negosyo gawa ng pandemyang COVID-19, binawasan ng Lalawigan ang halaga ng panlalawigang buwis sa paaralan sa 2020 para sa mga may-ari ng komersyal na ari-arian (kasama ang industriyal, negosyo, libangan o recreation, at ari-arian na non-profit). Para sa detalye, bumisita sa website ng Pamahalaang Panlalawigan sa gov.bc.ca/schooltax



TULOY ANG 3-TAONG PA-YUGTONG SHIFT NG BUWIS

Noong Abril 29, 2019, inaprubahan ng Vancouver City Council ang 2% shift ng buwis mula sa di-residensyal tungo sa residensyal na klase ng pag-aari. Ang shift ay pa-yugtong magaganap sa loob ng tatlong taon sa 1% sa 2019, at 0.5% sa 2020 at 2021. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa vancouver.ca/property-tax